THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 5 MANGINGISDA, HINULI NG PCG AT BANTAY DAGAT DAHIL SA ILIGAL NA PANGINGISDA SA KATUBIGANG SAKOP NG HARKA PILOTO, LUNGSOD NG CALAPAN

VOLUME 2 No. 48 Oct. 09, 2023 - Oct. 15, 2023

# 530 NA CALAPEÑO, NAKATANGGAP NG PHP 2,000 SA ILALIM NG PROGRAMANG AICS MULA SA PONDONG HANDOG NI SENATOR BONG GO



SA PAMAMAGITAN ng pagtutulungan ng City Government of Calapan sa ilalim ng pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si City Councilor, Atty. Jel Magsuci, katuwang ang Department of Social Welfare and Development, matagumpay na naisagawa ang *"7th Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) Payout"* na mula sa ibinigay na pondo ni Senator Bong Go, ginanap sa Kalap Court, City Hall, noong ika-11 ng Oktubre. Nakatanggap ng PhP 2,000 ang nasa kabuuang 530 na benepisyaryo na nagmula sa iba't ibang Barangay sa Lungsod ng Calapan, kung saan naging saksi rito ang mga kinatawan na mula sa opisina ni Senator Bong Go sa pangunguna ni Ms. Flor Amate.

Ang naturang aktibidad ay pinangasiwaan ng opisina ni Kon. Atty. Jel Magsuci, sa tulong ng DSWD-MIMAROPA, kasama ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod na mula sa SErbisyong TAMA Center na pinamumunuan ni STP Administrator Mr. Peter Joseph V. Dytioco at Sectoral Relation sa pangunguna ni Mr. Jaypee Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns).

Samantala, lubos namang nagpapasalamat ang Konsehala kay Senator Bong Go, dahil sa pondong ipinagkaloob nito para maisakatuparan ang AICS Payout, gayundin kay Mayor Morillo na walang tigil na kumakatok sa opisina ng mga Senador at iba't ibang ahensya, para mangalap ng karagdagang pondo para sa mga nangangailangang Calapeño.

Nagpahayag din ng mensahe ang butihing Ina ng Lungsod, kaugnay sa mga proyekto ng Senador para sa mga Calapeño, katulad ng Super Health Center, gayundin, sinabi rin niya na kabalikat ng mga mamamayan ang Pamahalaang Lungsod at hindi niya pababayaan ang mga mamamayan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM





TINGNAN: *"Pantay at hindi limitadong prebilehiyo para sa mamamayang Calapeño" — Mayor Malou Flores- Morillo*

PAMAHALAANG KUMAKALINGA SA LAHAT — Sa pangunguna ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo, Miyerkules, ika-11 ng Oktubre, opisyal na isinagawa ang Turnover Ceremony ng mga Assistive Devices sa pamahalaang lungsod na nagmula sa Senate Public Assistance Office at Mabuhay Shriners.

Ang ipinamahaging assistive devices ay binubuo ng wheelchairs, canes, crutches at walkers na sya namang ipamamahagi sa ating mga kababayang PWDs.


Ayon sa Ina ng Lungsod, importante ang makapagpaabot ng ganitong uri ng karagdagang tulong sa sektor ng may kapansanan upang higit na matugunan ang kanilang medikal at pisikal na mga pangangailangan.

Sa mga ganitong pagkakataon, tunay namang adbantahe ng Calapan na mayroong namamahala na alam at agarang nagbibigay tugon sa anumang pangangailangan ng kaniyang nasasakupan.

Naging posible at matagumpay ang naturang gawain dahil na rin sa mga dedikadong tao sa likod ng nasabing aktibidad na kinabibilangan nina Dir. Lino S. Ong – Director General of the Senate Public Assistance Office, Atty. Myra Marie D. Villarica – Commission on Appointments Secretary na inirepresenta naman ni Mr. Voltaire Villarica at Mr. Florante Villarica, PDAO OIC, Mr. Benjamin M. Agua Jr., Mr. Gregorio A. Lalo – MINA DE ORO Shrine Club President na kinatawan naman ni Mr. Edmund Casanova, at Mr. Peter Joseph V. Dytioco – Serbisyong TAMA Program.

Ang pagbibigay ng assistive devices sa pamahalaang lungsod ay resulta ng masigasig at mabuting ugnayan ng Ina ng Lungsod sa iba't ibang ahensya, opisina, at sangay ng gobyerno (Kate Rondilla Redublo/






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# 5 MANGINGISDA, HINULI NG PCG AT BANTAY DAGAT DAHIL SA ILIGAL NA PANGINGISDA SA KATUBIGANG SAKOP NG HARKA PILOTO, LUNGSOD NG CALAPAN

HINULI ng mga awtoridad ang limang (5) mangingisdang residente ng Brgy. Ibaba West, lungsod ng Calapan matapos itong maaktuhang iligal na nangingisda sa karagatang sakop ng Harka Piloto. Ang mga nasabing mangingisda ay inaresto dahil sa paglabag sa City Ordinance Number 88 Series of 2023, Section 18, na nagbabawal sa paggamit ng compressor sa pangingisda.

Nakuha mula sa kanila ang isang net bag, mga flash light, weights, kutsilyo, isang unit ng air compressor, box cooler na naglalaman ng iba't ibang uri ng isda, spear fishing gun, at bangka na walang Safety, Security, and Environmental Numbering (SSEN) ng Philippine Coast Guard.

Mahigpit na ipinagbabawal ang pangingisda gamit ang compressor dahil sa panganib na dulot nito sa kalusugan ng tao maging sa yamang-dagat.

Ang adminsitrasyon ni City Malou Flores-Morillo ay seryoso sa pangangalaga sa likas na yaman ng Calapan, kung kaya't isa ang Green City of Calapan program sa pinagtutuunan ng pansin ng lokal na pamahalaan na ang layunin ay mapangalagaan, maprotektahan, at mapahalagahan ang kalikasang nagbibigay kabuhayan, pagkain, at masiglang ekonomiya sa lungsod sa pamamagitan ng turismo.

Katuwang din ng lokal na pamahalaan ang Fisheries Management Office (FMO) sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa mga katubigang sakop ng Calapan pati na ang pagtuturo ng tama at responsableng pangingisda. (CIO Calapal)



PHOTOS COURTESY OF COAST GUARD SUB STATION CALAPAN

# BLESSING OF ROAD IN SITIO SILANGAN, BARANGAY SAPUL

ARAW NG SABADO, Oktubre 7, 2023, naimbitahan si City Mayor Malou Flores-Morillo sa pagpapasinaya ng bagong bukas na kalsada na matatagpuan sa Sitio Silangan, Barangay Sapul, Calapan City.

Ang naturang kalsada ay magbibigay ng malaking kaalwanan para sa mga resisdente na dati-rati ay nagtitiis dumaan sa masukal na daan at makipot na pilapil.

Nagayon ay may maayos na silang nilalakaran at nakakapasok na rin ang mga sasakyan patungo sa kanilang mga tahanan. Lubos namang nagpapasalamat ang mga residente sa mga personalidad na may mabuting puso na nagkaloob ng bahagi ng kanilng lote upang makumpleto ang kabuuan ng naturang kalsada, sila ay sina: Engr. Valdez (Consuvil Realty Development Corporation), Mr. Gel and Mrs. Daisy Tiquia, Mr. Jack Valenzuela, at Mr. Ryan Valenzuela.

Maliban kay Mayor Malou ay naroon din ang ilang Kagawad ng Barangay mula sa Pamahalaang Barangay ng Sapul. Si Rev. Fr. Cenon Garcia ang siyang nanguna sa pagbabasbas ng bagong bukas na kalsada.

Umaasa naman ang mga residente sa lugar na sa darating na panahon, sa pamamagitan ni Mayor Malou ay matutulungan sila ng Pamahalaang Lungsod na maipakonkreto ang kanilang kalsada para sa mas higit nilang kaalwanan (Junard Acapulco/CIO).







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 48 Oct. 09, 2023 - Oct. 15, 2023



MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO

CONTACT: 09295453013


# *CCC INSTITUTE OF HOSPITALITY AND TOURISM MANAGEMENT 1ST PINNING CEREMONY*

*"SETTING SAIL: NAVIGATING A NEW JOURNEY CLOSER TO A DREAM SUCCESS"*

Sumabak sa kanilang Internship Program ang 127 graduating students na kabilang sa Class of 2023-2024 Bachelor of Science in Hospitality Management at Bachelor of Science in Tourism Management Students sa City College of Calapan.

Upang pormal na maitalaga ang kanilang mga sarili bilang opisyal na On the Job Trainee (OJT) mula sa City College of Calapan Institute of Hospitality and Tourism Management ay isinagawa ang 1st Pinning Ceremony, Oktubre 7, 2023, 3rd Floor Kalap Hall, City College of Calapan, Barangay Guinobatan, Calapan City.

Dumalo sa nasabing okasyon si City Councilor Atty. Jel Magsuci upang ipadama ang kanyang pagsuporta sa mga mag-aaral gayundin ay upang katawanin si City Mayor Malou Flores-Morillo sa makasaysayang gawain.

Hindi man nakarating ang alkalde subalit sa pamamagitan ng kanyang mensahe na binigyang daan ni Atty. Magsuci ay naipaabot sa mga kabataang mag-aaral ng City College of Calapan ang kanyang kagalakan sa katagumpayan na kanilang naabot.

*"Ang araw na isa sa mahahalagang yugto ng inyong buhay bilang mga mag-aaral ng Dalubhasaan ng Lungsod ng Calapan. Ito ay hudyat ng inyong pagsasanay sa inyong napiling propesyon. Sa loob ng tatlo at kalahating taon ay hinulma kayo bilang mga 'globally competitive professionals' at sa inyong pagsabak sa inyong Internship na siyang huling bahagi ng inyong pag-aaral, baunin Ninyo ang mga aral at karanasan na ibinigay sa inyo ng dalubhasaan. Hindi naging Madali ang inyong pag-aaral ngunit ito'y naging possible dahil sa inyong pagsusumikap".*

*"Sa mga magulang, maraming salamat sa pagalalay sa inyong mga anak. Bilang isa ring ina at magulang ay nararamdaman ko rin ang ligayang inyong nararamdaman sa ngayon. Sa pagkakataong ito, maituturing na malaking gantimpala na makitan ang inyong mga anak ay unti-unting naaabot ang kanilang pangarap sa buhay. Dalangin ko ang inyong katagumpayan, patuloy kayong matuto at sumubok ng iba't-ibang mga ganap na propesyunal" - City Mayor Malou Flores-Morillo.*

Si City Councilor Federico Cabailo, Jr. ay naging kabahagi din sa okasyon at dito ay kanyang ipinaabot ang kanyang mensahe na nagbigay ng inspirasyon sa mga estudyante.

Sa Program Presentation & Pinning Session na pinangunahan ni Dr. Marinel Supnet, Dean – Institue of Hospitality, Tourism and Management ay isa-isang tinawag sa entablado ang mga pangalan ng graduating students na sasabak sa kanilang internship journey kasama ang kanilang mga magulang na buong pagmamalaki na kinabitan ng name plate ang kanilang mga anak.

Matapos ang Pinning Ceremony ay agad itong sinundan ng pagsasagawa ng Pledge of Commitment. Sinabi ni Dr. Supnet sa kanyang mga estudyante na ang name plates na nakakabit sa kanilang dibdib ay sumisimbolo ng dedication, hardwork, and perseverance at habang ito ay nasa kanilang dibdib ay bitbit ng bawat isang mag-aaral ang pangalan ng City College of Calapan. Kanya ring binigyang diin ang mga katagang, *"HM Tayo at TM Tayo! Hindi HM lang at TM lang".*

Upang ipadama ang taus-pusong pagtanaw ng utang na loob sa pagsusumikap ng mga magulang upang itaguyod ang pag-aaral ng kanilang mga anak ay binigyang pugay sila sa Tribute to Parent na bahagi pa rin ng nasabing programa (Junard Acapulco/ CIO).

